

## LUNSOD NG SAN DIEGO Alkalde



**MYKE SHELBY**

Ay matagumpay na negosyante, aktibistang pampulitika at pangkomunidad, presidente ng kamara de komersiyo sa Pandaigdig na Paliparan na JFK. Siya ay madalas bigyan ng pagkilala para sa kanyang mga nakamit kabilang ang San Diego Homefront Hero Award, ADL Torch of Liberty Award, at isinama sa Sturgis Motorcycle Freedom Fighter Hall of Fame. Siya ay isang Beterano ng Vietnam, may-asawa at apat na malalaki-nang anak at may-ari ng San Diego Harley-Davidson.

Ang ating unang prayoridad ay magkaroon ng tiwala ang bawat mamamayan, bisita, at mamumuhunan na tayo ay ang pinakamagandang lunsod sa Amerika.

Ang kalagayan ng pondo sa pensiyon ay dapat ayusin. Ang paggasta at burukrasya ay dapat makontrol. Hindi tiwali ang ating lunsod, pero ang anumang katiwalian ay dapat wasakin. Dapat tayong maging isang lunsod ng Isa at tapusin ang naghihiwalay na pamumulitika.

Walang banta ng pagkabangkarote! Lyon ay hindi isang mapagpipilian sa aspetong pinansiyal, ispiritwal, o moral. Upang maakit ang pinakamahusay at pinakamatalino dapat nating pasiglahin ang lokal na negosyo at mga mamumuhunan, turista, kombensiyon, palakasan at edukador. Ang responsableng pagpapaunlad ay dapat himukin, at ang ating mga hangganan ay dapat protektahan.

Maraming nakakapagbigay ng inspirasyon sa San Diego, lalo na ang Mt. Soledad, ang ating National Veteran's Memorial na may 43 talampakang krus na dapat protektahan. Si Myke Shelby ay mamumuno sa San Diego at magbubunsod ng pamumuno sa iba.